# Pahayag mula sa Chief Construction Adviser

Ngayong araw, naglalabas ako ng pahayag bilang pansamantalang Chief Construction Adviser (CCA) matapos ang halos limang buwan sa tungkuling ito. Itinalaga ako noong 30 Setyembre 2025, at ang aking tungkulin ay magbigay ng malaya at masusing pagsusuri, gayundin ng payo sa pamahalaan hinggil sa kaligtasan ng mga gusali at reporma sa regulasyon.

Ang tungkuling ito ay inirekomenda ng Grenfell Tower Inquiry, kung saan ako ay naging miyembro ng panel, at kinikilala ko ang aking pananagutan bilang pansamantalang Chief Construction Adviser. Natuklasan ng Inquiry na ang trahedya sa Grenfell Tower, na ikinamatay ng 72 inosenteng tao, ay bunga ng "ilang dekadang pagkukulang ng pamahalaang sentral at iba pang institusyong may pananagutan sa industriya ng konstruksyon.[1] Mula nang mangyari ang trahedya, maraming gusali ang natuklasang hindi ligtas, at libo-libo ang may mapanganib na cladding na kailangang ayusin. Itinuturing ko ang aking malayang tungkulin bilang isang mahalagang boses na nagbibigay ng payo sa pamahalaan hinggil sa mahahalagang usapin ng kaligtasan ng mga gusali at reporma sa mga regulasyon.

Ang aking tungkulin ay malaya at hindi ako kinatawan ng industriya. Kinikilala ko rin na may iba pang may mahahalagang pananaw na maibabahagi. Kaya naman nais kong isama ang mas malawak na pananaw upang mapatibay ang aking malayang payo. Batay sa aking sariling karanasan, alam kong ang pagpapabuti ng mga pamantayan sa kaligtasan ay pagkakataon para maipakita ng mga negosyo ang kanilang kakayahan at ang tuloy-tuloy na mataas na kalidad ng kanilang serbisyo sa mga potensyal na kliyente. Isa rin itong etikal na pananagutan para sa ating lahat na nagtatrabaho sa sektor ng built environment na unahin ang kaligtasan at kapakanan ng mga taong nakatira at nagtatrabaho sa mga gusali sa lahat ng ating ginagawa.

Nagkasundo kami ng Ministro ng Kaligtasan ng mga Gusali sa isang hanay ng mga prayoridad para sa aking panunungkulan. Balak kong magbigay ng mas kumpletong ulat tungkol sa aking trabaho sa pagtatapos ng aking panunungkulan. Bukod dito, sisiguraduhin ko ring maayos ang paglipat ng tungkulin sa aking papalit. Nabatid ko rin na inihayag ng pamahalaan ngayon sa Taunang Ulat tungkol sa pag-usad ng pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng Grenfell Tower Inquiry na plano nilang magtalaga ng Chief Construction and Scientific Adviser (CCSA) bago matapos ang taon.

**Mga prayoridad para sa aking panunungkulan**

Sa pagpili ng aking mga prayoridad, ginabayan ako ng mga ebidensiyang inilatag ng Grenfell Tower Inquiry at ng mga sumunod na pagkukulang na natukoy sa mas malawak na kalagayan ng pabahay. Ang lalim ng mga pagkukulang na ibinunyag ng Inquiry at ng

[1] Grenfell Tower Inquiry: Ikalawang Yugto na Ulat, Volume 1, Kabanata 2, Punto 2.4, Pahina 9

mga kaugnay nitong rekomendasyon—kasama na ang pagkakatuklas ng mapanganib na cladding at iba pang malalawak na isyu sa kaligtasan sa libo-libong gusali—ay mahahalagang salik na gumagabay sa aking payo sa pamahalaan. Handa akong suportahan ang mga sistematikong reporma kung saan ito kinakailangan.

Sa pagninilay sa mga ebidensiyang inilatag ng Grenfell Tower Inquiry, hindi dapat kalimutan ng pamahalaang sentral at ng mas malawak na industriya ng konstruksyon ang mga matinding pagkaluging dinanas ng napakaraming tao. May pananagutan tayo sa mga naulila, mga nakaligtas, at sa mas malawak na komunidad ng Grenfell—gayundin sa lahat ng kasalukuyang nakatira at nagtatrabaho sa mga hindi ligtas na gusali—na maghatid ng isang sistemang natututo mula sa trahedya sa Grenfell Tower, nag-aayos ng mga mapanganib na gusali, at nagtataguyod ng mas ligtas na kinabukasan. Dapat tayong magsagawa ng pangmatagalan at tuloy-tuloy na pagbabago upang mapabuti ang kaligtasan at kalidad ng parehong mga bagong gusali at mga umiiral na istruktura. Sa paggawa nito, dapat ilagay sa sentro ng ating pagpaplano ang mga nakatira at gumagamit ng mga gusali. Dapat nating isaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan sa loob at labas ng gusali, upang maging ligtas na kapaligiran ang lugar na kanilang tinitirhan at pinagtatrabahuhan.

Batay sa mga ebidensiyang ito, sa aking pakikipag-ugnayan sa iba't ibang stakeholder sa tungkuling ito, at sa aking praktikal na karanasan bilang arkitekto, ito ang mga prayoridad para sa aking panunungkulan:

- Reporma sa regulasyon para sa mga produktong pang-konstruksyon,
- Mga pamantayan sa pagtatayo ng mga gusali at sa mga propesyonal na sangkot sa konstruksyon,
- Kung paano kinokolekta ang ebidensya at pagkatuto mula sa mga muntik nang aksidente,
- Pagsuporta sa pagbuo ng permanenteng tungkulin ng CCSA.

Pinili kong pagtuunan ang mga larangang ito dahil sila ang mga pundasyon ng built environment kung saan naniniwala akong makakalikha ako ng pinakamalaking epekto. Ang pagtugon sa mga suliraning umiiral sa kasalukuyang mga gusali at ang pagtiyak na ang mga bagong gusali ay itinatayo ayon sa tuloy-tuloy na mataas na pamantayan ay nakasalalay sa epektibong regulasyon at pagpapatupad, gayundin sa kultura at asal sa loob ng industriya ng konstruksyon. Gagampanan ko ang aking tungkulin upang masuportahan ang patuloy na pag-unlad.

Sa ngayon, nakipag-ugnayan na ako sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at sa sektor ng built environment. Regular akong nakikipag-ugnayan sa Building Safety Minister. Nakipag-ugnayan din ako sa mga opisyal ng Kagawaran ng Pabahay, Mga Komunidad at Pamahalaang Lokal, nakabuo ng matibay na ugnayang propesyonal kina Andy Roe, Tagapangulo ng Building Safety Regulator (BSR), at Charlie Pugsley, Punong Ehekutibong

Opisyal ng BSR, at nakipag-ugnayan kay Andrew Curran, na Chief Scientific Adviser ng Health and Safety Executive. Sa labas ng pamahalaan, nakipag-ugnayan ako sa industriya at iba pang stakeholder sa pamamagitan ng mga pribadong pag-uusap at sa iba pang forum, gaya ng pagtawag sa mga miyembro ng Construction Leadership Council at BuildUK. Nakipagpulong ako kay Dame Judith Hackitt upang talakayin ang kanyang mga nakaraan at kasalukuyang gawain hinggil sa kaligtasan ng mga gusali at reporma sa regulasyon. Nakipag-ugnayan din ako kay Paul Morrell upang pagnilayan ang kanyang karanasan sa paghawak ng dating tungkulin bilang Chief Construction Adviser at ang kanyang trabaho sa Independent Review ng Construction Product Testing Regime.

**Mga susunod kong hakbang**

Para sa natitirang panahon ng aking panunungkulan, tututok ako sa pagsulong ng aking mga prayoridad at sa pagbibigay ng malayang payo upang makatulong sa paghubog ng mga polisiya ng pamahalaan. Balak ko ring palawakin ang aking pakikipag-ugnayan. Inaasahan kong makipag-ugnayan sa mga grupo ng residente, gaya ng BSR Residents' Panel, at dumalo sa mga kaugnay na kaganapan upang makilahok sa pampublikong talakayan tungkol sa kaligtasan ng mga gusali at reporma sa regulasyon. Gagamitin ko ang pakikipag-ugnayang ito upang makalikom ng iba't ibang pananaw na makatutulong sa paghubog ng aking payo at upang makapagbigay ng makabuluhang hamon kung saan maaari pang magkaroon ng karagdagang pag-unlad.

Sa pagtatapos ng aking panunungkulan sa Setyembre 2026, maghahain ako ng ulat na maglalahad ng mga nagawa ko bilang pansamantalang Chief Construction Adviser. Isang pribilehiyo para sa akin na magampanan ang aking bahagi sa pagpapabuti ng kaligtasan ng mga gusali at sa reporma sa regulasyon. Bagama't limitado ang aking panahon sa tungkulin, nakatuon akong ihanda ang matibay na pundasyon para sa papasok na CCSA at gamitin ang pagkakataong ito upang itaguyod ang mga makatuwiran at progresibong paraan at inisyatiba.